

Republic of the Philippines  
Department of Education  
Region VII, Central Visayas  
**DIVISION OF CEBU PROVINCE**  
Sudlon, Lahug, Cebu City



**September 10, 2014**

**DIVISION MEMORANDUM**  
No. 440, s. 2014

**PAGPAPALAGANAP NG ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 217, S. 1939**  
**(Pagtatakda ng mga Simulain ng Pagkamamamayan at Kagandahang**  
**Asal na Ituturo sa Lahat ng mga Paaralan sa Pilipinas)**

**To: Assistant Superintendents**  
**Education Supervisors/Coordinators**  
**District Supervisors/OICs**  
**Elementary and Secondary School Heads**

1. Batay sa Pangkagawarang Memorandum Blg. 508. s. 2014 inaasahan at hinihikayat ang lahat na ituro sa mga mag-aaral ang Atas Tagapagpaganap Blg. 217, s. 1939 ang mga Simulain ng Pagkamamamayan at Kagandahang Asal.
2. Para sa karagdagang detalye, maaaring batayan ang kalakip na komunikasyon.
3. Para sa impormasyon ng lahat at sa malawakang desiminasyon.

**ARDEN D. MONISIT, Ed.D.**  
Schools Division Superintendent



REPUBLIKA NG PILIPINAS  
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES  
KAGAWARAN NG EDUKASYON  
DEPARTMENT OF EDUCATION  
REHIYON VII, GITNANG VISAYAS  
REGION VII, CENTRAL VISAYAS  
Sudlon, Lahug, Cebu City



AUG 26 2014

REGIONAL MEMORANDUM

No. 508, s. 2014

**PAGPAPALAGANAP NG ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 217, S. 1939**  
**(Pagtatakda ng mga Simulain ng Pagkamamamayan at Kagandahang**  
**Asal na Ituturo sa Lahat ng mga Paaralan sa Pilipinas)**

To: Schools Division/City Superintendents  
Officer-in-Charge of Regular Divisions  
Tagapamahala ng mga Paaralan  
Pinuno/Puno ng mga Pampubliko at Pampribadong Paaralan

1. Batay sa Pangkagawarang Memorandum Blg. 92, s. 2014, hinihikayat na ituro sa mga mag-aaral ang Atas Tagapagpaganap Blg. 217, s. 1939, ang mga Simulain ng Pagkamamamayan at Kagandahang Asal.
2. Para sa karagdagang detalye, tingnan lang ang nakakabit na dokumento.
3. Malawak at maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

  
CARMELITA T. DULANGON, Ed. D.  
Director III  
OIC, Regional Director


CTD/LCJ  
CLMD '14

Regional Director's Office: Tel. nos.: (032) 231-1433; 231-1309; Telefax 414-7399; 414-7325; Asst. Regional Director's Office Telefax: (032) 255-4542;  
Field Effectiveness Division: (032) 414-7324; Curriculum Learning Materials Division (032) 414-7323;  
Quality Assurance and Accountability Division: (032) 231-1071; Resource Mobilization and Special Programs and Projects Division: (032) 254-7062;  
Training and Development Division: (032) 255-5239 loc. 112; Planning, Policy and Research Division: (032) 233-9030; 414-7065;  
Administrative Division: (032) 414-7326; 255-1313; 414-7366 414-4367; Budget and Finance Division: (032) 256-2375; 253-8061; 414-7321  
Website: <http://www.deped7.com.ph>

**"ESU 2015: Karapatan ng Lahat, Pananagutan ng Lahat"**



Republika ng Pilipinas  
**Kagawaran ng Edukasyon**



15 AUG 2014

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN  
Blg. **92**, s. 2014

**PAGPAPALAGANAP NG ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 217, S. 1939**  
*(Pagtatakda ng mga Simulain ng Pagkamamamayan at Kagandahang Asal na Ituturo sa Lahat ng mga Paaralan sa Pilipinas)*

Sa mga: Direktor ng Kawanihan  
Direktor ng Rehiyon  
Tagapamanihala ng mga Paaralan  
Pinuno/Puno ng mga Pampubliko at Pampridadong Paaralan

1. Para sa kabatiran ng mga kinauukulan, kalakip ay ang Atas Tagapagpaganap Blg. 217 na nilagdaan noong Agosto 19, 1939 na may pamagat na **Pagtatakda ng mga Simulain ng Pagkamamamayan at Kagandahang Asal na Ituturo sa Lahat ng mga Paaralan sa Pilipinas** na isinalin ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong ika-31 ng Hulyo 2012 para sa Official Gazette.
2. Kaugnay nito, ang lahat ng mga paaralang elementarya at sekundarya, pampubliko man o pampridado ay hinihikayat na ituro sa mga mag-aaral ang mga simulain ng pagkamamamayan at kagandahang-asal na nakabalangkas sa naturang Atas.
3. Hinihiling ang dagliang pagpapalaganap at pagpapatupad ng Memorandum na ito sa mga kinauukulan.

  
**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**  
Kalihim

Kalakip:  
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:  
W a l a

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim  
ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, SOCIAL STUDIES  
LEGISLATION  
SCHOOLS  
VALUES EDUCATION

(Kalakip ng Memorandum Pangkagawaran Blg. 92, s. 2014)

PALASYO NG MALACAÑANG  
MAYNILA

INILAGDA NG PANGULO NG PILIPINAS

ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 217

**PAGTATAKDA NG MGA SIMULAIN NG PAGKAMAMAMAYAN AT KAGANDAHANG  
ASAL NA ITUTURO SA LAHAT NG MGA PAARALAN SA PILIPINAS**

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksiyon 5 ng Artikulo XIII ng Konstitusyon na magiging layunin ng lahat ng mga paaralan na linangin ang kagandahang asal, disiplina sa sarili, isang konsiyensiyang makamamamayan at ituro ang mga tungkulin ng pagkamamamayan;

SAPAGKAT, upang makasunod sa itinatadhana ng Konstitusyon na binabanggit sa itaas, kailangang magpatibay ng isang Kodigo ng Pagkamamamayan at Kagandahang Asal na ituturo sa lahat ng mga paaralan;

SAPAGKAT, habang binabalangkas ang nasabing kodigo ng isang Lupon na kumakatawan sa iba't ibang sektor ng pamayanan at habang hinihintay ang pagpapatibay nito, mahalagang agad na magsagawa ng hakbang ang mga paaralan upang maisakatuparan ang mandato ng konstitusyon ainsunod dito;

NGAYON, SAMAKATWID, ako, si MANUEL L. QUEZON, Pangulo ng Pilipinas, sa bisa ng kapangyarihang kaloob sa akin ng Konstitusyon, ay nagtatagubilin sa Kalihim ng Pagtuturong Publiko na dapat maisagawa sa lahat ng mga paaralan ang pagtuturo ng mga sumusunod na mga simulain ng pagkamamamayan at kagandahang-asal na binalangkas ng mga kilalang mga indibiduwal;

1. Magtiwala ka sa Poong Maykapal na gumagabay sa kapalaran ng mga tao at mga bansa.
2. Mahalin mo ang iyong bayan sapagkat ito ang iyong tahanan, pinagmumulan ng iyong pagmamahal at bukal ng iyong kaligayahan at pagiging tao. Ang pagtatanggol sa bayan ang pangunahin mong tungkulin. Maging handa sa lahat ng oras na magpakasakit at ialay ang buhay kung kinakailangan.
3. Igalang mo ang Saligang-Batas na nagpapahayag ng makapangyarihang kalooban. Itinatag ang Saligang-Batas para sa iyong kaligtasan at sariling kapakanan. Sundin ang mga batas at tiyaking sinusunod ito ng lahat ng mamamayan at tumutupad sa kanilang tungkulin ang mga pinuno ng bayan.
4. Kusang magbayad ng mga buwis at maging maluwag sa kalooban ang maagap na pagbabayad nito. Alalahaning ang pagkamamamayan ay hindi lamang mga karapatan ang taglay kung hindi maging mga pananagutan din.
5. Panatilihing malinis ang mga halalan at sumunod sa pasya ng nakararami.
6. Mahalin at igalang ang iyong mga magulang. Paglingkuran mo silang mabuti at pasalamat.

7. Pahalagahan mo ang iyong karangalan gaya ng pagpapahalaga mo sa iyong buhay. Ang karalitaang may dangal ay higit na mahalaga kaysa yamang walang karangalan.
8. Maging matapat sa pag-iisip at sa gawa. Maging makatarungan at mapagkawanggawa, ngunit marangal sa pakikitungo sa kapwa.
9. Mamuhay nang malinis at walang pag-aaksaya. Huwag maging maluho at mapagkunwari. Maging simple sa pananamit at kumilos nang maayos.
10. Mamuhay na gaya ng inaasahan sa iyo ng marangal na tradisyon ng ating lahi. Igalang ang alaala ng ating mga bayani. Ang kanilang buhay ay ehemplo ng pananagutan at karangalan.
11. Maging masipag, huwag ikatakot o ikahiya ang pagbabanat ng buto. Ang pagiging masipag ay daan tungo sa isang matatag na kabuhayan at sa yaman ng bansa.
12. Umasa sa iyong kakayahan sa pag-unlad at kaligayahan. Huwag agad mawawalan ng pag-asa. Magsikap upang makamit ang katuparan ng iyong mga layunin.
13. Gampanang maluwa sa kalooban ang iyong mga tungkulin. Ang gawaing hindi maayos ay higit na masama sa gawaing hindi tinapos. Huwag ipagpabukas ang gawaing maaari mong gawin ngayon.
14. Tumulong sa kagalingan ng iyong pamayanan at palaganapin ang katarungang panlipunan. Hindi ka nabubuhay na nag-iisa kapiling ang iyong mag-anak lamang. Bahagi ka ng isang lipunang pinagkakautangan ng pananagutan.
15. Ugaliin ang pagtangkilik sa sariling atin at sa mga kalakal na gawa rito sa atin.
16. Gamitin at linangin ang ating likas na yaman at pangalagaan ito para sa susunod na salinlahi. Ang mga kayamanang ito ay minana pa natin sa ating mga ninuno. Huwag mong gawing kalakal ang iyong pagkamamamayan.

Inilagda sa Lungsod ng Maynila, ngayong ika-19 ng Agosto sa taon ng Ating Panginoon, labinsiyam at tathumpu't siyam, sa Komonwelt ng Pilipinas, ang Ikaapat.

**MANUEL L. QUEZON**  
Pangulo ng Pilipinas

Para sa Pangulo:

**JORGE B. VARGAS**  
Kalihim ng Pangulo

Isinalin sa Filipino ng Komisyon sa Wikang Filipino noong ika-31 ng Hulyo 2012 para sa Official Gazette online.